

Remote Pedagogy ng/sa SHS-Filipino: Pagsusuri sa Most Essential Learning Competencies ng/sa Filipino sa Senior High School at ang Implikasyong Pedagogikal Nito

Asia Pacific Journal
of Management and
Sustainable Development
Vol. 9 No. 2, 1-10
October 2021 Part III
ISSN 2782-8557 (Print)

Marie Kristel B. Corpin¹ and Cristina D. Macascas²

¹Pamantasang Normal ng Pilipinas- Maynila, Kolehiyo ng Graduadong

Pag-aaral at Edukasyong Panggurong Pananaliksik

²Pamantasang Normal ng Pilipinas- Maynila

corpin.mk@pnu.edu.ph¹, macascas.cd@pnu.edu.ph²

Date Received: August 18, 2021; Date Revised: October 12, 2021

Abstrak – Ang pandemiyang kinahaharap ng bansa ay nagdulot nang malawakang pagbabago sa iba't ibang mga aspektong panlipunan. Bilang may direktang ugnayan ang lipunan at ang edukasyon, ang mapanghamong sitwasyon ng bansa ay nagbunsod din ng dagliang mga kahingian para sa sektor ng edukasyon. Kaugnay rito, ang senior high school, bilang bahagi ng Basic Education Curriculum ng bansa ay kinailangan ding lapatan ng mga pagbabago. Sinimulan ang mga pagbabagong ito sa pagsasaayos ng kurikulum. Ito ay masusing sinipat ng mga eksperto at binawasan ang mga kompetensi upang makaangkop sa remote learning na kailangang ipatupad. Bilang pag-agapay at pagtalima sa kahingiang ito, inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon ang Most Essential Learning Competencies. Kaugnay nito, ang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri sa Most Essential Learning Competencies ng/sa Filipino sa Senior High School at sa implikasyong pedagogikal nito. Salig ang pagsusuri sa disenyong deskriptibo ng pananaliksik. Nilagom ng pag-aaral na ito ang kabuoang mukha ng pagtuturo sa bagong kadawyan sa Senior High School.

Mga Susing Salita – deskriptibong pananaliksik, kurikulum, pandemiya

INTRODUKSIYON

Ayon kay Burnett, ang sabihing ang pandemiyang ito ay nakaapekto sa buhay ng mga tao ay hindi sasapat upang ilarawan ang kalagayang kinahaharap ng buong mundo [1]. Dagdag pa niya, kung hindi man ito ang pinakamatinding naapektuhan ng pandemya, ang sektor ng edukasyon ay tunay na isang aspekto ng lipunan na nagkaroon ng halos tatlong daan at animnapung digring paglilipat-paradima. Mula sa dating *face-to-face* na pangunahing modalidad ng pagtuturo at pagkatuto, inudyukan ng pandemiyang kasalukuyang dinaranas ng mundo na maging online o sa pamamagitan ng birtuwal na paraan makakalap ng pagkatuto ang mga mag-aaral at makapagbahagi ng kaalaman gamit ang sining ng pagtuturo ng mga guro. Bunsod nito, naging mas malawak ang paghahanap ng mga makabagong pamamaraan ng pagkatuto at dahil sa limitasyon ng oras at pagiging konektado sa *internet*, na pangunahing daluyan ng komunikasyon, nagbunga ito ng malalaking pagbabago, hindi lamang sa paraan ng pagtanaw ng mga mamamayan sa edukasyon kundi

lalo't higit sa sosyal na implikasyon at epekto nito sa mga mag-aaral at guro. Karamihan sa mga paaralan sa mga lugar kung saan may malaking epekto ang edukasyon gamit ang birtuwal na lunan (ito ay ang mga lugar na may mahinang koneksyon sa *internet* kabilang ang Pilipinas) ay humahanap ng mga solusyon na iiwas sa pagpapabanaag ng agwat sa pamumuhay ng mga tao para maipagpatuloy ang edukasyon ngunit hindi maikakaila na ang kalidad ng pagkatuto ay nakabatay sa kalidad ng akses sa digital na mga lunsaran at kagamitan. Bagaman sa ibang mga mauunlad at umuunlad na bansa ay karaniwan ang paggamit ng *digital* na mga lunsaran o kagamitan gaya ng *tablet*, *laptop*, at *computers*, marami pa ring mag-aaral sa mga mahihirap na ekonomiya ang nananangan sa mga aralin at gawaing maaaring ipasa sa pamamagitan ng hindi online na pamamaraan o modalidad [2]. Sa Pilipinas, ang bilang ng mga gumagamit ng *internet* ay pumalo na sa 73 milyong mga tao na halos higit sa kalahati ng kabuoang populasyon ng bansa. Kaya nga lamang, ang tinatawag na *digital population* na ito ay karaniwang

nasa 16 na taong gulang pataas na kung mapapansin, sa sistemang pang-edukasyon ng bansa ay sasaklaw lamang sa huling yugto ng mababang edukasyon na nasa edad 16-18 taong gulang. Sa ganitong lagay, magiging kwestionable ang pagiging mainam na edukasyon para sa mga mag-aaral na nasa mas mababang edad o ang mga mag-aaral na hindi kabahagi sa *digital population*. Karagdagan pa rito, kalimitan ng ginagamit na modalidad para sa *online* na pagkatuto ay hindi lamang simpleng mga aplikasyon na nangangailangan ng mababang kapasidad ng *internet connection* kundi mga komplikadong aplikasyon na may mataas na *bandwidth requirement*. Ayon sa pinakahuling tala ng *Speedtest Global Index* [3], ang Pilipinas ay may *average download speed* na 15.06 *Megabits* na hamak na mas mababa sa *global average* na 26.12 *Mbps*. Sa ganitong kalagayan, ang Pilipinas ay tinaguriang ika-103 sa 139 na mga bansa batay sa bilis ng *internet connection*. Batay sa datos na ito, magiging mahirap ang pagkatuto sa gitna ng pandemiya kung saan *internet connection* ang pangunahing pangangailangan sa pagkatuto. Ang sitwasyong ito ng Pilipinas ay tunay na nangangailangan ng atensiyon at dagliang aksiyon ng sektor ng edukasyon ng bansa.

Ang mga nabanggit na kalagayan at hamon ang nagpatotoo sa sinabi ni Dr. Paul Reville, dating kalihim ng Kagawarang Pang-edukasyon ng Massachusetts sa Amerika, sa kaniyang pananaw nang tanungin siya kaugnay sa aral na matututuhan ng sektor ng edukasyon sa pagbabagong idinulot ng pandemiya. Ibinahagi niya na mula sa pandemyang ito, matututuhan ng bawat bansa na mainam kung ang sistemang pang-edukasyon ay may alternatibong planong pampagkatuto o *backup system* kung pahihintulutan ng kanilang kakayahan bilang institusyon [4]. Mapapansin na sa ginawang hakbang ng Kagawaran ng Edukasyon ng ating bansa, tiyak na hindi nagkaroon ng *backup system* ang sistemang pang-edukasyon ng ating bansa dahil sa dagliang mga pangyayari na tunay na gumimbal sa sektor na ito ng pamahalaan. Pinatunayan ng sitwasyong ito ang sinabi ni Gloria Tam na ang COVID-19 ay nagsilbing *catalyst* para sa mga institusyon o kagawarang may kinalaman sa edukasyon

para mapilitang gumawa ng pagbabago sa mabilis na panahon [5].

Kagaya ng sinabi ng Kagawaran ng Edukasyon, kinakailangang tiyakin ang kapakanan ng 27 milyong mag-aaral na nangangailangan ng kalidad ng edukasyon [6]. Bunga nito, lumikha ang kagawaran ng tinatawag na talaan ng mga pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto na ihahain sa mga mag-aaral para sa Taong Panuruan 2020-2021 o mas kilala sa tawag na *Most Essential Learning Competencies* (MELCs). Ang MELCs para sa mga asignatura sa Filipino sa *Senior High School* (SHS) ang magiging tuon ng pagsusuring ito. Mula sa pagsusuri, tutukuyin gamit ang mga kasangguning pag-aaral ang inaasahan at kalalabasang sitwasyon ng pagtuturong iláng o *remote learning* sa bagong kadawyan at kung ano-ano ang implikasyong pedagohikal na kaakibat ng malawak na pagbabagong ito sa sistemang pang-edukasyon ng bansa na magagamit hindi lamang sa panahon ng pandemya kundi maging sa mga pagkakataong nangangailangan ng pagpapaunlad o *enrichment* sa pagkatuto ng mga mag-aaral kaugnay sa mas praktikal na mga aspekto ng pagkatuto sa hinaharap.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pagkilala sa mukha at katangian ng edukasyon na inaasahan para sa mga kursong may kinalaman sa disiplinang Filipino sa SHS batay sa MELCs ang pangunahing layunin ng pagsusuring ito. Ang pangkalahatang layuning ito ay maisasakaturaran sa pamamagitan ng pagdulog sa sumusunod na tiyak na mga layunin: (1) mapaghambing at mapagtulad ang gabay pangkurikulum para sa mga asignatura sa Filipino sa SHS at MELCs; (2) mailarawan ang mga aktuwal na implementasyong inaasahan mula sa paggamit ng MELCs sa sitwasyon ng *remote learning*; (3) mailahad ang mga implikasyong pedagohikal ng paggamit ng MELCs sa *remote learning* na isasagawa ng mga guro sa bagong kadawyan.

Ang mga hakbang na isinagawa sa pag-aaral ay salig sa mga nabanggit na layunin na magdudulot ng kaliwanagan kung paano masasabing makatuwirang malasin ang tatawaging *remote pedagogy* ng/sa

Filipino sa SHS bilang tugon sa hamon at mga restriksiyon sa edukasyon na bunga ng pandemya.

Masasabi na sa pamamagitan ng panahunang pagbabalik-tanaw at pagsipat sa mga kaalamang tinatanggap ng lipunan, higit na makapagbubunsod ito ng ganansiya at kapakinabangan sa mga miyembro ng lipunan. Ang pagsusuri ay magbubunsod ng inobasyon sa iba't ibang mga sistema ng kaalaman. Hindi hiwalay sa katotohanang ito ang edukasyon. Ang larangang ito ay nagluluwal ng iba pang mga larawan at karapat-dapat na tawaging batis ng kaalaman. Ang edukasyon ay isang mahalagahang aspekto ng isang lipunan na tunay at hantarang may kabuluhan sa buhay ng mga mamamayan. Isang susing aspekto ng matagumpay na sistemang pang-edukasyon ay ang kurikulum. Ang kasalukuyang sitwasyon ng sistemang pang-edukasyon ng bansa at tunay na nangangailangan ng pagsusuri upang humantong sa pagpapaunlad. Kaya naman, bilang pagtatangka na makapagbigay-suhestiyon o mungkahing pagpapaunlad sa kasalukuyang gabay pangkurikulum para sa SHS, ang papel na ito ay magbibigay ng suri, sipat, at salaysay tungo sa pagpapabuti ng kurikulum sa Filipino sa SHS sa bagong kadawyan na tampok ang *remote learning* sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga implikasyong pedagogikal ng MELCs.

PAMAMARAAN AT KAGAMITAN

Ang mga nabanggit na layunin ay naging pangunahing sandigan sa pagpili ng pamamaraan o disenyong pampananaliksik ng pag-aaral na ito. Kaya naman upang matugunan ang lahat ng layuning nabanggit, ginamit sa pag-aaral na ito ang disenyong deskriptibo. Ayon kay Van der Voordt, ang deskriptibong pananaliksik ay isang disenyong pampananaliksik na nakatuon sa mga salig-sakatotohanang mga dokumento at paglalarawan ng mga ito [7]. Naging epektibo ang paggamit ng nasabing disenyo upang maisagawa ang paghahambing at pagtutulad sa gabay pangkurikulum para sa mga asignatura sa Filipino sa SHS at ng MELCs. Gayundin, matapos ang paghahambing at pagtutulad, kailangang ilarawan ang mga aktuwal na implementasyong inaasahan mula sa *paggamit ng MELCs sa sitwasyon ng remote learning*. Sa pagtugon dito, higit na naging

akma ang disenyong deskriptibo sa pag-aaral sapagkat ayon kina Leob at kaniyang mga kasama, ang isang deskriptibong disenyo ng pananaliksik ay pangunahing kinasasangkutan ng mga paglalarawan bilang lunsaran ng pagbibigay-diin sa pagsagot ng ilang katanungan at kaliwanagan sa ilang mga sitwasyon [8]. Sa huli, bilang pagtugon sa ikatlong layunin na nangangailangan ng paglalahad sa mga implikasyong pedagogikal ng paggamit ng MELCs sa *remote learning* na isasagawa ng mga guro sa bagong kadawyan, sinasabi ni Mittal na ang isang deskriptibong pananaliksik ay nangongolekto ng mga datos at mula sa mga ito ay makapagbibigay ng isang lohikal na sagot sa katanungan o solusyon sa natukoy na suliranin [9]. Gayundin, mula sa naging daloy ng paglalahad sa pananaliksik na ito, makikita na ang pagsasakatuparan sa ikatlong layunin ay nagsisilbing mungkahing aksiyon at patnubay para sa mainam na pagtuturo at mabungang pagkatuto sa bagong kadawyan.

Ayon kay Jimenez, sa pangangailangan na magabayan ang Kagawaran ng Edukasyon kung paano ipagpapatuloy ang edukasyon habang isinasalang-alang ang kaligtasan at kalusugan ng mga mag-aaral, guro, at iba pang mga kawani, bumuo ang pangkat ng isang *Learning Continuity Plan* (LCP) at bahagi nito ang pagluluwal ng talaan ng mga pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto na marapat na bigyang-pansin sa taong panuruan 2020-2021. Kaugnay nito, sinabi ni *DepEd Undersecretary for Administration* Alain Pascua na ang kalibrasyon ng kurikulum na ito ay bahagi ng pagtugon ng kagawaran sa kahingian ng pabuo ng tinatawag na *resilient education systems* lalo't higit sa panahon ng mga hindi inaasahang pangyayari gaya ng pandemiya. Bahagi rin ng pagbabagong ito ang gabay pangkurikulum ng mga asignatura sa Filipino sa SHS na pangunahing tuon ng pagsusuring ito.

Ang pagsusuring ito ng Gabay Pangkurikulum ng mga asignatura sa Filipino sa SHS ay nakabatay sa mga pamantayang inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon (2020). Liliripin ang kurikulum ng Filipino sa SHS sa pamamagitan ng paghahambing at pagtutulad ng orihinal na Gabay Pangkurikulum sa mga binago o tinanggal na bahagi nito bilang pagtugon sa

pangangailangan ng paglalabas ng MELCs para sa Taong Panuruan 2020-2021.

Ang mga asignatura sa Filipino sa SHS ay nahati sa dalawang klasipikasyon, ang ilan ay nasa klasipikasyon ng *core subjects* o ang mga asignatura na kailangang kunin ng bawat mag-aaral kahit ano pa man ang kanilang *strand* o *track*. Ang iba naman ay nasa klasipikasyon ng *applied subjects* na ang pagkuha ay batay sa pinagkakadalubhasaan ng mga mag-aaral. Ang mga sinuring gabay pangkurikulum ay ang sumusunod:

MGA CORE SUBJECT

- Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino
- Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik

MGA APPLIED SUBJECT

- Filipino sa Piling Larang (Akademik)
- Filipino sa Piling Larang (Isports)
- Filipino sa Piling Larang (Sining at Disenyo)
- Filipino sa Piling Larang (Tech-Voc)

Filipino sa Piling Larang (Tech-Voc)

Ang mga nabanggit na asignatura ay kabuoang asignatura sa Filipino na kinakailangang kunin ng mga mag-aaral upang matapos ang buong kurikulum ng SHS. Ginamit na lunsaran ang orihinal na bersiyon upang mabilis na masuri at makita ang mga binago, tinanggal, at mga pinanatiling mga bahagi ng gabay pangkurikulum.

RESULTA AT DISKUSYON

Ayon kay Ross, ang kasalukuyang kalagayan ng lipunan ay nanawagan para sa isang tinatawag na "*Quarantine Curriculum*" na makaaagapay sa mga pinahihintulutang kaparaanan nang may sensibilidad sa kalusugan at pisikal na kasaganahan ng mga mag-aaral [10]. Dagdag pa niya, ang paglikha ng isang tiyak na kurikulum na ang pangunahing kaparaanan ay *online* ay naghahatid ng mga kalakasan para sa sistemang pang-edukasyon. Ito ay nakapagpapatibay at

nakapagpapakilos sa mga mag-aaral na makilahok at matuto batay sa sarili nilang oras at kakayahan. Ito rin ay nakalilikha ng isang birtuwal na komunidad ng mga mag-aaral na isang mainam na pananggalang sa pagiging sanay sa pag-iisa at paglalayo-layo na hamon na ibinibigay nang mahigpit na pagpapatupad ng sapat na distansiya sa pagitan ng mga tao. Karagdagan pa, nagbubunsod ito ng pagpapataas ng antas ng kolaborasyon sa pagitan ng mga guro upang makapaghandog ng mga mainam na gawain para sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa kabila ng kanilang distansiya mula sa guro. Sa tulong ng pagsasangkap ng mga angkop na pamamaraan sa pagtatasa ng mga gawain ng mga mag-aaral, magiging mainam ang pagsusuri at pagsubaybay sa pagkatuto ng mga mag-aaral at paraan ng pagtuturo na ginagamit ng mga guro. Gamit ang nabanggit na mga mekanismo at gawain, makatitiyak na maipagpapatuloy ang pagkatuto ng mga mag-aaral bilang pagtalima sa sinasabi ng UNESCO (2017) na "*Education cannot wait. If learning stops, we will lose human capital.*" Hindi sa layuning mapanatili ang paglikha ng mga mag-aaral na magsisilbing global na produkto ng bansa kung hindi sa layunin maipagpapatuloy ang pagpapaunlad ng kakayahan, kasanayan, at kaalaman ng mga mag-aaral ang dapat na maging tunguhin ng pagpapatuloy ng edukasyon sa kabila ng hamon ng pandemiya.

Ang mga nabanggit na katangian ang marapat na maging pagkakakilanlan ng isang kapaki-pakinabang at angkop na kurikulum sa panahon ng pandemiya. Ito ang magbibigay ng katiyakan na sa kabila ng distansiya ay magkakaroon pa rin ng mabungang pagkatuto ang mga mag-aaral. Bilang pagtugon sa pangangailangang ito, ang Kagawaran ng Edukasyon ay naglabas ng MELCs. Ito ang kasalukuyang ginagamit na batayan ng pagtuturo at pagkatuto sa taong panuruan 2020-2021 ng mga pampubliko at maging pampribadong mga paaralan sa buong bansa. Kaugnay nito, sa inilabas na gabay ng kagawaran, inilahad at inisa-isa ang mga katangian ng pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto. Ayon sa kagawaran, ang isang kasanayang pampagkatuto ay masasabing bahagi ng most essential na mga kasanayang pampagkatuto kung

ito ay (1) nakahanay sa pambansa, pang-estado, at/o lokal na pamantayan/ sanligan (hal. Mga Pilipinong may Siyentipikong Literasi) ; (2) nakapag-uugnay ng/sa nilalaman sa ibang mga matataas na konsepto sa ibang disiplina o larangan; (3) nailalapat sa pang-araw-araw na pamumuhay; (4) mahalaga at magiging kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral kahit pa sila ay mapunta sa higit na mataas na antas ng pag-aaral; at (5) hindi mangyayaring matututuhan ng mga mag-aaral sa kanilang mga magulang at sa paaralan lamang ang tanging lunan upang ito ay matutuhan. hindi mangyayaring matututuhan ng mga mag-aaral sa kanilang mga magulang at sa paaralan lamang ang tanging lunan upang ito'y matutuhan

Gamit ang mga nabanggit na kuwalipikasyon, pinili ng kagawaran ang mga maiiwang mga kasanayang pampagkatuto na gagamitin para sa implementasyon ng pagkatuto sa bagong kadawyan. Kung may mga nanatiling mga kasanayang pampagkatuto, mayroon ding mga kasanayang pampagkatuto na nakalahad sa orihinal na gabay pangkurikulum ang hindi na gagamitin sa kasalukuyang taong panuruan. Ang kagawaran ay naglahad din ng dahilan o mga katangian kung bakit tinanggal ang isang kasanayang pampagkatuto. Ito ang sumusunod: (1) Ang mga kasanayang ito ay tiyak at ang artikulasyon ay kagaya ng sa mga layunin ng pagkatuto. (2) Ang mga kasanayang ito ay higit na mas angkop kung ituturo marahil sa mas naunang markahan o mas mababang baitang, o mas mainam na ilipat sa susunod na markahan o sa mas mataas na baitang. (3) Ang mga kasanayang ito ay paulit-ulit nang lumabas sa kurikulum. (4) Ang mga kasanayang ito ay nasasaklaw na ng iba pang mga kasanayang pampagkatuto. Ang mga kasanayang ito ay nasasaklaw na ng iba pang mga kasanayang pampagkatuto.

Ang mga nabanggit na batayan ay ang sinasabing naging sanligan ng kagawaran upang tanggalin ang ibang mga kasanayang pampagkatuto na ayon sa kanila ay hindi lamang makapagpapababa ng bilang ng mga kinakailangang kompetensi (na kailangang maisagawa dahil sa limitadong oras, kaparaanan, at pagkakataon para sa taong panuruang ito) kundi lalo't higit ay

kalibrasyon ng kurikulum upang mas maging matagumpay ang pagsasakatauran nito at mas maging kapaki-pakinabang sa pagtugon ng mga kasanayang tunay na kakailanganin ng mga mag-aaral upang maging isang buo at ganap na mamamayan na may kapaki-pakinabang na literasi--- ang pangunahing tunguhin o bisyon ng sistemang pang-edukasyon sa bansa.

Sulyap at Sipat: Paghahambing at Pagtutulad sa Gabay Pangkurikulum (2012) sa mga Asignatura sa Filipino sa Senior High School at sa Most Essential Learning Competencies (2020)

Ang mga panimulang pag-aaral kaugnay sa ika-21 siglong pagkatuto ay tunay na nagbigay ng mas madaling pagkakataon para sa mga administrador upang mapaghandaan ang napakalawak at napakalaking pagbabago sa mukha ng edukasyon sa bagong kadawyan. Ang kasalukuyang kalagayan ng bansa sa aspekto ng edukasyon ay may pangangailangan sa muling pagsusuri ng mga sanligan ng edukasyon sa loob ng pangangailangan ng ika-21 siglong mga kasanayan at ang implikasyon at importansiya ng mga ito sa panahon ng pandemiya. Sa kabila ng pagpapamalas ng mataas na antas ng kahalagahan ng kasanayang digital at sosyo-emosyonal sa kasalukuyang pamamaraan ng pagkatuto at sa lugar ng paggawa sa hinaharap, ang kakayahan sa pagbabata ng mga pangyayaring panlipunan ay dapat na higit na pahalagahan sa mga hanay ng kasanayan sa ika-21 siglo. Ang pagbabagong-anyo ng gabay pangkurikulum ay isang indikasyon ng pag-agapay ng kagawaran sa napakalaking pagbabagong ito sa sistema ng pagtuturo at pagkatuto ng bansa. Ang istandardisasyon ng mga kompetensi ayon sa mga pamantayan na kinakailangang matugunan ay isang hakbang tungo sa paghahandog ng makalidad na edukasyon sa mga mag-aaral hindi lamang sa kasalukuyang sitwasyon kundi maging sa mga susunod pang panahon. Ito ang magluluwal ng mga pagbabago na mailalapat hindi lamang sa panahon ng pandemiya kundi lalo't higit sa mga susunod na panahon ng bagong kadawyan [6].

Gamit ang *Guidelines on the Use of the Most Essential Learning Competencies* na inilabas ng kagawaran bilang pantulong na kagamitan para sa mga guro sa implementasyon ng kurikulum, masusing sinipat ang binagong gabay pangkurikulum sa SHS upang makapaghatid ng makabuluhang salaysay sa kung paano pa mapabubuti ang kalidad ng pagkatuto sa bagong kadawyan.

Hindi kagaya sa orihinal na gabay pangkurikulum, ang binagong bersiyon o talaan ng mga kasanayang pampagkatuto ay hindi kinasasangkutan ng ilang mahahalagang mga detalye kaugnay sa bawat kurso gaya ng Deskripsyon ng Kurso, Panitikang Kontemporaryo at Popular, Gramatika, at Bilang ng Sesyon. Sa MELCs, ang nakalagay lamang ay pangalan o pamagat ng kurso kasama ng kung anong uri ito ng kurso (*core o applied*).

Sa aktuwal naman na talahanayan ng mga kompetensi, hindi nakalagay ang tiyak na mga paksa/nilalaman kung saan lilinangin ang mga binabanggit na kasanayang pampagkatuto; tanging ang Pamantayang Pangnilalaman at Pamantayang Pangkasanayan lamang ang nakalagay. Maaaring sabihin na hindi na kailangan ang tiyak na nilalaman kung may pamantayang pangnilalaman naman na nakasama sa talahanayan ngunit sa usapin ng espesipisidad, masusuri na ang pamantayang pangnilalaman ay para sa pangkalahatan samantalang ang bahagi ng paksa/nilalaman ay para sa mga tiyak at/o espesipikong mga paksang tatalakayin. Kaya naman, sa kabila ng pagkakaroon ng pamantayang pangnilalaman, mahalaga pa rin na maglagay ng kolum para sa paksa/nilalaman nang sa gayon, higit na magiging madali para sa mga gurong gagamit nito ang makita ang katugmaan ng mga kompetensi sa mga tiyak na paksa na tutugunan nito.

Sa usapin naman ng pagpapaunlad sa kakayahang pangwika, mula sa mga tiyak na komento sa iba't ibang bahagi ng gabay pangkurikulum, makikita na diniriin ng papel na ito ang hindi kumpletong pagpapayaman at paggamit ng/sa limang makrong kasanayan na kinakailangan ng isang mag-

aaral para sa buo at ganap na pagkatuto ng wika. Sa katunayan, maraming mga kompetensiyang nakatuon sa paghasa sa kasanayan sa pagsulat at pagbasa na nakalimbag na aspekto ng kasanayang pangwika ngunit sa kabilang banda, kakaunti o halos walang mga kompetensi ang tumutulong upang mahubog ang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, at panood na mga pisikal na aspekto ng kasanayang pangwika. Gayundin, kapansin-pansin ang pagtatanggal ng mga bahagi ng mga pinanatiling kompetensi na nagsasaad na ang kompetensiyang iyon ay gagawin nang pasalita kaya naman nagpapakita ito ng kakulangan sa paghubog ng kasanayan sa pagsasalita na maaaring dulot ng pangamba ng kagawaran sa modalidad na gagamitin ng mga mag-aaral upang maipamalas ang nasabing kompetensi. Sa ganitong kalagayan, magiging parsiyal lamang ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa kakayahang pangwika at hindi matutugunan ang pangkalahatang layunin ng kurikulum na magluwal ng mga buo at ganap na mamamayan na may kapaki-pakinabang na literasi.

Gaya ng sa orihinal na kurikulum, hindi pa rin nahati ang mga kompetensi ayon sa limang makrong kasanayan. At mula sa naging pagsusuri, nakita na ito ay dahil sa kakulangan ng mga kompetensi na tutugon sa ibang mga makrong kasanayan. Kung gagawin ang ganitong paraan ng paglalahad, higit na makikita ang kakulangan sa pag-unlad sa iba pang mga makrong kasanayan.

Hindi napagtutuunan ng pag-unlad o paggamit ng tatlong domeyn ng pagkatuto sa bawat aralin o talakayan. Batay sa prinsipyo ng pagkatuto, marapat na sa bawat aralin ay mapagtuunan ng pansin ang tatlong mahahalagang domeyn na ito ng pagkatuto. Kung hindi, magiging hilaw o hindi malalim ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa mga inihandang aralin. Sa kabilang banda, ang kakulangang ito ay maaaring tugunan ng mga guro na magpapatupad ng gabay pangkurikulum. Ito ay isang hamon para sa mga guro na maisangkot ang kabuoan ng mga mag-aaral sa talakayan. Magiging makabuluhan ang bawat aralin kung naisasangkap ng mga mag-aaral ang kanilang isip, puso, at buong katawan sa pagkatuto at ang isang

guro na handa sa hamon ng bagong kadawyan ang posibleng magpatupad nito sa loob ng birtuwal na klase.

May mga kompetensi na pinanatili ngunit nirebisa ang mga ito, kapansin-pansin ang pagpapababa ng kinakailangang antas ng pag-iisip ng mga mag-aaral. Hindi ito kasiya-siya. Bagaman may kahirapan sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga guro at mag-aaral sa bagong kadawyan, mahalaga pa rin na hindi naiwawaglit ang layuning magbigay ng makalidad na edukasyon para sa mga kabataan. Kung ibababa ang antas ng kinakailangang kakayahan sa pag-iisip sa mga gawain, masasanay ang mga mag-aaral na mag-isip sa mababang antas lamang. Hindi kasiya-siya lalo't higit sa antas ng SHS ang mga ganitong gawain. Sa halip na pababain ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-iisip, dapat na maging pangunahing tunguhin ng edukasyon sa bagong kadawyan ang palawakin pa ito nang sa gayon ay magamit ito ng mga mag-aaral sa pag-agapay sa mga pagbabagong panlipunan at pag-igpaw sa mga ito.

Sa huling bahagi ng mga asignatura o kurso, makikita ang mga *final output*. Mula sa pagsusuri, kinakitaan ng inkonsistensi. May mga *final output* na pinanatili habang may ilan din na tinanggal sa kabila ng pangangailangan sa mga ito para sa kabuoang pagtanaw at huling pagkakataon ng pagpapaunlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa partikular na asignatura. Sa ganitong kalagayan, makikita na ang gabay pangkurikulum na ito ay walang tiyak na pamantayang sinunod para sa bahagi ng *final output*. Pagpapakita rin ito ng kawalang-kahandaan para sa mekanismong gagamitin para sa paglalagom ng mga kurso o aralin.

Sa talaan ng MELCs, may pagtatakda ng oras ng durasyon o ng mismong bilang ng linggo kung kailan isasagawa o pauunlarin ang mga nabanggit na kompetensi. Bagaman sa unang tingin, nagpapakita ito ng pagiging organisado ng patnubay na ito para sa mga guro, may mga aspekto pa rin na dapat isaalang-alang sa pagtatakdang gaya nito. Sa kasalukuyan, batid ng bawat isa na maraming mga hindi inaasahang

pangyayari ang maaaring umusbong, sa katunayan, ang MELCs ay bunga ng isang malawakang hindi inaasahang pangyayari, kaya naman, ganito ang dapat na isinaalang-alang sa pagtatakda ng mga bilang ng linggo o durasyon sa inilabas na talaan ng MELCs. Gayundin naman, nagbubunsod ang mga hindi inaasahang pangyayaring ito ng pagiging fleksibol sa bahagi ng mga guro sa pagpapatupad ng mga gawain at pagdaraos ng talakayan (kung posible) at sa mga mag-aaral sa pagtalima sa mga gawain at pakikinig sa guro sa anumang paraan na angkop sa kanilang kalagayan.

Sa kabuoan, masasabing isa ring salik ang pagiging bata o bago ng kurikulum para sa SHS kung kaya't kumpara sa ibang mga antas ng mababang edukasyon ay kapansin-pansing mas angkop ito sa paghubog ng ika-21 siglong mga kasanayan sa mga mag-aaral. Sa katunayan, 97% ng mga kompetensi sa orihinal na gabay pangkurikulum sa SHS ang napanatili sa MELCs hindi kagaya ng sa ibang antas kung saan halos 60% ang natanggal at 40% lamang ang napanatili. Ito rin marahil ay dulot ng katotohanang ang kurikulum para sa SHS ay nakaangkla sa mga makabagong pag-aaral sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto. Bagaman may pag-aangkop sa kasalukuyang kalagayang panlipunan, hindi marapat na mawalan ng tuon ang kurikulum sa mahahalagang aspekto at prinsipyong pang-edukasyon na kinakailangan upang maging matagumpay ang pagtuturo at pagkatuto sa ano mang oras, pagkakataon, o sitwasyon. Ang mga establisadong katotohanang ito mula sa mga pag-aaral kasabay ng mga pag-aangkop ay magdudulot ng makabuluhang pagkatuto sa gitna ng mga kinahaharap na hamon ng sistemang pang-edukasyon sa bansa. Kailangang makita ng bawat isa na ang mga pangangailangan ng lipunan ay dapat na matugunan ng edukasyon. Ito ay maisasakatuparan kung sapat at lapat ang mga nilalaman ng kurikulum para sa pangangailangan ng mga mag-aaral na magiging kinabukasan ng lipunan sapagkat ang kurikulum ay ang magsisilbing batayan ng magiging mukha ng sistema ng pagtuturo at pagkatuto, may pandemiya man o wala.

Sikap at Sikhay: Aktuwal na Implementasyong Inaasahan mula sa Paggamit ng MELCs sa Sitwasyon ng Remote Learning

Sa paghahambing at pagtutulad sa gabay pangkurikulum (2012) sa mga asignatura sa Filipino sa SHS at sa MELCs (2020), tunay na naipakita ang manipestasyon ng pananaw at mungkahi ni Gonser na ang mga dapat lamang na ituro sa kasalukuyang mga pagkakataon kung kailan napakalawak ng restriksiyon sa ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral ay pawang mga kaalaman at kasanayan na kaniyang inilarawan bilang *extremely important* [11]. Kaugnay sa natukoy na pamantayan, na tunay namang lohikal at sinusugan ng iba't ibang praktikal na kaisipan at tiyak na pag-aaral, maituturing na isang kritikal na aspektong panlipunan sa ngayon ang *remote learning*. Hindi lamang dahil sa ito ang iginigiit na mga restriksiyon, kaanlisabay nito ang makaiwas sa mga kapahamakan at pambansang pinsala kundi lalo't higit ang *remote learning* at/o *teaching* ay isang gawaing tunay na nangangailangan nang tiyak na mga konsiderasyon [12].

Ang *unpacking* ng MELCs para sa *remote learning* ay dapat na isinasagawa ng guro nang may sensibilidad sa pisikal, sikolohikal, mental, and emosyunal na hamon ng COVID-19 sa mga mag-aaral [12]. Kung titingnan, sa SHS, kaunti lamang ang nabawas na mga kompetensi. Ito ay may implikasyon na bago pa man magkaroon ng pandemiya, ang mga paksang kalakip ng kurikulum ng SHS ay makabuluhan, praktikal, at lubos na mahalaga. Sa ganitong sabi, ang *remote learning* ay hindi nalalayo sa aktuwal na pagkatuto sa loob ng klasrum sa aspekto ng nilalaman kung SHS ang pag-uusapan. Kaya naman, dapat na isaalang-alang na ang malaking pagbabago at paggamay na gagawin ng isang guro sa SHS ay sa mas malalim na aspekto ng kurikulum, at ito ang ugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral. Ang mga hamong teknolohikal ay higit na nakaaapekto sa mga mag-aaral sa panahon ngayon. Ito ang dahilan kung bakit bilang isang guro, marapat na ang isa ay higit na maging makonsiderasyon at mapuso sa pagtuturo nang sa gayon ay mapaglabanan ang mga hamong ito. Dagdag

pa rito, may kinalaman sa usapin ng implementasyon ng MELCs sa *remote learning* ang sinabi nina McCabe at mga kasama na ang pinakamalaking hamon sa kasalukuyang kalagayan ng edukasyon ay ang kahandaan [13]. Nasa isang bagong sitwasyon ang mundo at gayundin ang sistemang pang-edukasyon na kasalukuyang ipinatutupad. Bagaman sa nakalipas na mga taon ay naging usap-usapan ang implementasyon ng pagtuturong *online* sa mga pampridadong paaralan, hindi pa rin masasabi na saklaw at kaya nitong pangatuwiran ang kabuoang populasyon at sitwasyon ng sistemang pang-edukasyon sa bansa. Samakatuwid, bago sa bawat isa, gayundin sa SHS ang implementasyon ng MELCs kaya naman tungkulin ng guro na paghandaan ito at bigyan ng makatuwirang paghahatid ang MELCs para sa mga mag-aaral nang sa gayon ay magbunga ito ng kapaki-pakinabang na mga resulta at/o pagkatuto sa kabila ng pandemiya.

Mula sa mga nabanggit, maituturing na makabuluhan at/o makatuwiran ang kaisipang binigyang-diin nina Norberg at mga kasama na sa kasalukuyang panahon, ang dapat na maging mukha ng *remote learning* ay isang *blended* o magkahalong paraan ng pagtuturo at pagkatuto kung saan malaking bahagdan ng katagumpayan ay nakasalalay sa iba't ibang mga kaparaanang makakayang gawin o ilapat ng isang guro [14].

Sibol at Sigasig: Implikasyong Pedagogikal ng Paggamit ng Inilabas na MELCs sa Remote Learning na Isasagawa ng mga Guro sa Bagong Kadawyan

Ayon kay Wyman, isang holistiko at maagap na dulog sa pagtuturo ang kailangan upang makaagapay ang bawat guro sa mga pagbabagong dulot ng *remote learning* nang sa gayon ay mabigyan ng mga ito ang mga mag-aaral nang makalidad na edukasyon sa kabila ng hamon ng pandemiya [15]. Ang ganitong pananaw ay marapat na isaalang-alang sa pagtuturo ng SHS gamit ang MELCs. Ang mga inobasyong ay magdudulot ng pagkakataon para sa mga mag-aaral na makita ang mga mahahalagang punto o kaisipan na dapat na mabigyang-diin hindi lamang sa mga aralin sa

Filipino kundi lalo't higit sa mga praktikal na aspekto ng kanilang pamumuhay.

Ang tinutukoy na holistiko at maagap na dulog ni Wyman ay sinasangkapan ng tatlong pagsasaalang-alang: (1) pag-unawa sa bagong realidad ng pagtuturo; (2) pagbuo ng panibagong mga kapasidad; (3) pagbabagong-bihis sa modelo ng pagtuturo. Ang unang hakbang ay pag-unawa sa bagong realidad na tumutukoy sa pagkilala sa kalikasan, kakanyahan, at mga hamon na inihahain ng bagong realidad sa larangan ng pagtuturo sa SHS. Kapag nakilala na at naunawaan ng isang guro ang bagong kadawyan sa pagtuturo, matutukoy na ng guro kung anong mga kasanayan at kaalaman na kailangan at kapaki-pakinabang sa bagong realidad na ito. Ang mga kaalaman at kasanayan na matutukoy ng guro ay magsisilbing lunsaran at modelo ng bagong kapasidad na kaniyang magiging tunguhin. Ang bagong kapasidad na ito ang magiging batayan ng guro para sa pagbabagong-bihis ng modelo sa pagtuturo. Marapat na tiyakin ng isang guro na ang modelong gagamitin ay may pagtugon at angkop sa natukoy na mga kakayahan o kapasidad na layuning maibahagi sa mga mag-aaral. Ang tatlong mga pagsasaalang-alang o hakbang na ito ay makatutulong para sa isang guro sa bagong kadawyan upang makilala ang karapat-dapat na mga pamaraan at estratehiya na angkop sa sitwasyon ng *remote learning*. Ang lohikal na pagdulog na ito ang magbubunsod sa pagbabagong-bihis ng mga estratehiya at/o teknik na gagamitin ng isang guro sa pagtuturo sa panahon ng pandemiya.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang pandemiyang dulot ng *COVID-19* na maituturing na isang nakayayanig na pangyayari sa kasaysayan at ang lumalawak na impluwensya nito sa mundo ay nagdulot ng pagbabagong-bihis sa paraan ng pamumuhay, pagkatuto, at pagtatrabaho sa iba't ibang aspekto o maging sektor ng lipunan. Ang pagbubukas ng mga paaralan at mga sanayang institusyon ay tiniyak at tinitiyak na may sensibilidad sa kalagayan ng mga administrador, guro, mag-aaral, at iba pang kamanggagawa. Dahil dito, kinailangan ng Kagawaran ng Edukasyon na balikan ang mga kasanayan na nais

ihandog ng kurikulum para sa episyenteng pagkatuto sa kabila ng mga hamon at pisikal na limitasyon. Ito ay nangangahulugan ng pagpapalawak at pagpapanumbalik-tuon sa ibig sabihin ng ika-21 siglong kasanayan at pagbibigay-diin sa mga kinakailangan ng mag-aaral upang makaangkop at makapamuhay gamit ang kani-kaniyang natutuhan sa kabila ng mga hindi inaasahang pagbabago at/o pangyayari.

Hinikayat ng Kagawaran ng Edukasyon ang mga tagapagpaganap ng kurikulum, pampubliko man o pribado, na maging malikhain at matutong ilapat ang mga nakalahad sa kurikulum sa konteksto ng mga mag-aaral na kanilang hahawakan. Ang pabatid na ito ay tunay na magiging hamon sa mga guro kung paanong iaangkop sa karanasan at kalagayan ng mga mag-aaral ang mga nakasaad sa kurikulum. Sa kabila ng hamong ito, ang pagsasakatuparan ng isinasaad ng kurikulum ay isang oportunidad din para sa mga guro na magkaroon ng bagong karanasan sa pagtuturo at makadiskubre ng mga kapaki-pakinabang na estratehiya hindi lamang sa panahon ng pandemiya kundi maging sa hinaharap. Karagdagan pa sa napakaraming pintong binuksan at binubuksan ng kalagayan ng sistemang pang-edukasyon ng bansa sa ngayon ay ang pagkakataong makapag-ambag ng bagong kaalaman kaugnay sa pagtuturo at pagkatuto na hinihikayat din ng Kagawaran ng Edukasyon ayon sa *Guidelines on the Use of the Most Essential Learning Competencies* (MELCs). Kaugnay nito, inaasahan na ang mga guro ay magiging kabahagi ng tuloy-tuloy na pagsusuri sa kurikulum na magbubunsod ng pag-unlad nito upang dumating ang panahon na ito ay maging isang mabungang kurikulum na sumasapat sa pangangailangan ng edukasyon at ng lipunan.

Ang pagpapaunlad ng pag-unawa sa ika-21 siglong mga kasanayan at pagninilay-nilay sa mga hamong dulot ng *COVID-19* ay pinakamahalagang bagay na marapat na isaalang-alang ng sektor ng edukasyon hindi lamang ng Pilipinas kundi maging ng buong mundo. Sa kabila nito, ang proseso ng pang-angkop at ang iba pang kinakailangang kasanayan ay nananatiling palaisipan sa maraming mga Pilipino. Ang komprehensibong pagsasaayos ng kurikulum ng

sistemang pang-edukasyon ay makatutulong tungo sa isang higit na makabuluhan at mabungang edukasyon para sa mga Pilipino na hindi lamang nananatiling nakalimbag kundi naililipat sa paggawi. Ito ang magtutulay mula sa hamon patungong pag-ahon ng mga Pilipino nang may tangang bagong kaalaman at kasanayan na makatutulong hindi lamang sa pagsugpo ng mga problemang panlipunan kundi sa pamumuhay sa hinaharap nang may sapat na kakayahan, kalinangan, at kaakuhan.

TALAAAN NG MGA SANGGUNIAN

- [1] William Carrey University. (2020). *Pandemic has brought some positive changes to field of education*. Nakuha sa <https://www.hubcityspokes.com/opinion-columns/pandemic-has-brought-some-positive-changes-field-education#sthash.kFFa3D8h.dpbs> noong Oktubre 22, 2020, 11:15 ng umaga.
- [2] World Economic Forum. (2020). *3 ways the coronavirus pandemic could reshape education*. Nakuha sa <https://www.weforum.org/agenda/2020/03/3-ways-coronavirus-is-reshaping-education-and-what-changes-might-be-here-to-stay/> noong Oktubre 22, 2020, 11:28 ng umaga.
- [3] ABS-CBN News. (2019). *PH internet speed still below global average: Speedtest*. Nakuha sa <https://news.abs-cbn.com/business/04/18/19/ph-internet-speed-still-below-global-average-speedtest> noong Oktubre 22, 2020, 12:05 ng tanghali.
- [4] Harvard University Gazette (2020). *Time to fix American education with race-for-space resolve*. Nakuha sa <https://news.harvard.edu/gazette/story/2020/04/the-pandemics-impact-on-education/> noong Oktubre 22, 2020, 11:21 ng umaga
- [5] Tam, Gloria (2020). *3 ways the coronavirus pandemic could reshape education*. Nakuha sa <https://www.weforum.org/agenda/2020/03/3-ways-coronavirus-is-reshaping-education-and-what-changes-might-be-here-to-stay/> noong Oktubre 22, 2020, 5:20 ng hapon
- [6] Kagawaran ng Edukasyon. (2020). *K to 12 most essential learning competencies with corresponding cg codes*. Nakuha sa <https://commons.deped.gov.ph/melc> noong Oktubre 12, 2020, 7:48 ng gabi.
- [7] Van der Voort, TJM. (2002). *Ways to study - Descriptive research*. (pp.53-60). (6). DUP Science, Delfi.
- [8] Loeb, S., Dynarski, S., McFarland, D., Morris, P., Reardon, S., & Reber, S. (2017). *Descriptive analysis in education: A guide for researchers*. (NCEE 2017-4023). Washington, DC: U.S. Department of Education, Institute of Education Sciences, National Center for Education Evaluation and Regional Assistance.
- [9] Mittal. (2010). *Descriptive research*. Nakuha sa <https://doi.org/10.1002/9781444316568.wiem02002> noong Enero 9, 2021, 4:40 ng hapon.
- [10] Ross. (2020). *Creating a "quarantine curriculum" to enhance teaching and learning during the covid-19 pandemic*. Nakuha sa <https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC7179056/> noong Oktubre 23, 2020, 2:20 ng hapon.
- [11] Gonser, S. (2020). *Innovative ways to make Coronavirus a teachable moment*. Edutopia. Nakuha sa <https://www.edutopia.org/article/innovative-ways-make-coronavirus-teachable-moment> noong Enero 9, 2021, 5:14 ng hapon.
- [12] Cahapay. (2020). *Rethinking education in the new normal post-covid-19 era: A curriculum studies perspective*. Nakuha sa https://www.researchgate.net/publication/341827574_Rethinking_Education_in_the_New_Normal_Post-COVID-19_Era_A_Curriculum_Studies_Perspective noong Enero 9, 2021, 5:11 ng hapon.
- [13] McCabe, O. L., Barnett, D. J., Taylor, H. G., & Links, J. M. (2010). *Ready, willing, and able: a framework for improving the public health emergency preparedness system*. *Disaster Medicine and Public Health Preparedness*, 4(2), 161-168. <https://doi.org/10.1001/dmp-v4n2-hcn10003>
- [14] Norberg, A., Dziuban, C. D., & Moskal, P. D. (2011). *A time-based blended learning model*. *On the Horizon*, 19(3), 207-216. <https://doi.org/10.1108/1074812111163913>
- [15] Wyman. (2020). *Education in the new normal: Educational leadership response to COVID-19*. Nakuha sa https://www.oliverwyman.com/content/dam/oliver-wyman/v2/publications/2020/jun/Education_In_The_New_Normal.pdf noong Enero 9, 2021, 6:01 ng gabi.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).